

Ang Asian at Pacific Islander at HIV/AIDS sa Alameda County MGA MAHALAGANG IMPORMASYON

Ang bilang ng Asian at Pacific Islander (A&PI) ay nasa higit sa 27% ng buong populasyon ng Alameda County na sa kasalukuyan ay ikalawa sa hanay ng pinakamalalaking grupong panlahi at etniko na nakapaloob sa Alameda County at ang grupong kinikilalang pinakamabilis sa pagdami.

Dahil sa laki ng bilang ng residenteng may AIDS, ang Alameda County ang pang-apat (4th) sa limampu't walong (58) bilang nga mga county sa California, at pang-pito (7th) sa buong bansa sa dami ng naninirahan na may HIV/AIDS.

Mula 1980 hanggang 2010, **75 na may HIV at 278 na may AIDS** sa mga A&PI ang naitala sa Alameda County.

Walumpu't tatlong porsiyento (**83%**) ng kalalakihan nang A&PI ang nabibilang na may HIV at AIDS.

Ang pinaka-karaniwang paraan ng paghawa sa mga A&PI ay ang pagtatalik lalaki sa lalaki, gayunman, ang pinaka-karaniwang paraan ng paghawa sa mga kababaihan ay ang heterosexual sex o pagtatalik sa pagitan ng babae at lalaki.


Ang mga naitalang kaso ng HIV/AIDS noong 2010 ay pinaka-laganap sa mga A&PI na may 40- hanggang 49 na taong gulang.

Sa mga naitalang kaso ng HIV/AIDS noon 2010, **92%** ay sa mga imigrante at mga taong isinilang sa labas ng U.S.

May **121** na A&PI ang nasuring may AIDS mula 1999 hanggang 2009. Sa bilang na ito, may **71%** ang nakilalang "late tester" (mga taong natuklasang may AIDS sa parehong taon o sa loob ng panahong di hihigit sa isang taon mula sa unang pagkaalam na sila ay nahawaan ng HIV.

Ang A&PI ang siyang natatanging grupo na may kapansin-pansin sa bilis ng dami ng mga nahawaan ng HIV at AIDS kung ikumpara sa lahat ng grupo na etniko at lahi sa U.S. mula sa taong 2006 hanggang 2010. (Masdan ang talang-guhit sa baba.)

Porsiyentong nag Bago (%), mula 2006 hanggang 2010, sa mga Caso ng HIV/AIDS sa Probinsiyang Alameda



	Diagnosed ng 2006	Diagnosed ng 2010	Porsiyentong nag Bago (%)
Itim	172	110	-36.0%
Puti	93	67	-27.9%
Latino/a	45	38	-15.6%
Asiano at Pacific Islander	21	24	14.3%

Ang Asian at Pacific Islander at HIV/AIDS sa Alameda County
RESOURCE SHEET
Mga Bagay na Pagkukunan ng Kaalaman at Tulong

Mga hadlang sa pag-iwas ng HIV/AIDS at mga mapanganib na kilos

- ✓ May mga ugaling pang-kultura na humihindi sa anumang pangungusap tungkol sa paksang sekswal at sa iba pang mga bagay batay sa mga paniwala naaayon sa umiiral na pag-iisip sa pagitan ng mga kasarian salungat man at nakasasama man ito sa kalusugan.
- ✓ Ang A&PI ay madalas na hindi kusang aamin na sila ay nasuring positibo sa HIV kahit napatunayan na sa isang test.
- ✓ Mga hadlang dulot ng kakaibang wika at kultura ng mga taong imigrante dito sa U.S. at siyang nagiging balakid para sila ay makakuha ng mahalagang impormasyon at serbisyo
- ✓ Pagtatalik na walang proteksyon maging anumang paraan tulad ng sa puwet, puki, o bibig
- ✓ Pag-gamit ng iba't-ibang droga tulad ng methamphetamine (shabu, ecstasy), paggiging adik sa pag-inom ng alak at ibang inuming may alkohol, at iba pang masasamang droga.

Ano ang maaring ninyong gawin?

- ✓ Alamin ang tungkol sa HIV/AIDS at kung ano ang epekto nito sa mga tao at ating komunidad.
- ✓ Ibahagi sa iba ang inyong kaalaman at tumulong sa pagtigil ng mga nakasisirang bisyo, haka-haka at mga maling ideya tungkol sa HIV/AIDS sa pamamagitan ng wastong pangungusap at tamang paglantad sa paksang ito, tulad na kung papano ito maiwasan at kung papano magamot.
- ✓ Magpa-test para ma-protektahan ang sarili at huwag madamay ang ibang tao.
- ✓ Kung ang resulta ng inyong HIV test ay positibo, kaagad tumungo sa isang pagamutan para mapangalagaan ang sarili at makatanggap ng iba't-ibang suporta. Kaagad ipalam sa inyong ka-relasyon o partner na sila ay posibleng mahawa.

Para sa karagdagang impormasyon, mag-ugnay sa mga sumusunod (ang may markang * ay nangngahulugan na ang ahensiya ay nag-aalok ng HIV test na walang bayad):

Asian Health Services* (May taga-salin sa Tagalog, Bisaya at ibang mga Asyanong salita).

510-986-6876 / 818 Webster St. Oakland, CA 94607 / www.asianhealthservices.org

Asian & Pacific Islander Wellness Center: Community HIV/AIDS Services *

415-292-3400 / 730 Polk Street, 4th Floor, San Francisco, CA 94109 / www.apowellness.org

Association of Asian Pacific Community Health Organizations

510-272-9536 / 300 Frank H. Ogawa Plaza, Suite 620, Oakland, CA 94612 / www.aapcho.org

Tri-City Health Center * (May taga-salin sa wikang Pilipino)

510-770-8040 / 39500 Liberty Street, Fremont, CA 94538 / www.tri-cityhealth.org

Highland General Hospital *

510-437-4800 / 1411 E. 31st Street, Oakland, CA 94602 / www.hghed.com

East Bay AIDS Center (EBAC, Alta Bates Summit Medical Center) *

510-869-8400 / 3100 Summit St., 2nd Floor, Oakland, CA 94609 / www.eastbayaids.org

North East Medical Services *

415-391-9686 / 1520 Stockton Street, San Francisco, CA 94133 / www.nems.org

California HIV/AIDS Service Referrals

1-800-367-AIDS / www.aidshotline.org

US Centers for Disease Control and Prevention (CDC)

www.cdc.gov/hiv

The Banyan Tree Project

www.banyantreeproject.org/

National Asian & Pacific Islander HIV/AIDS Awareness Day

www.aids.gov/awareness-days/national-asian-pacific-islander

Nagpapasalamat kami sa mga sumusunod:

- HIV/AIDS Among Asian Pacific Islanders, The Body (www.thebody.com)
- Nais naming kilalanin at pasalamat si Elaine Bautista, MPH, Epidemiologist, Community Assessment, Planning & Education (CAPE) Unit, Alameda County Public Health Department, sa kanyang tulong at naibigay na datos at istatistika.

Ang gamit ng pulyetong ito ay maaring iangkop sa ibang babasahin at isalin sa ibat-ibang wikang Asyano. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnay sa Alameda County Office of AIDS Administration sa telepono 510-268-7630 o kaya www.officeofaids.org.